Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-07 NG SETYEMBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 194-2020

ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG MARUBDOB NA PAKIKIDALAMHATI NG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. NOEL G. PINEDA AT NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN AT PAKIKIRAMAY SA NAULILANG PAMILYA AT KAANAK NG YUMAONG SI G. NORBERTO AGUILAR ROQUE DATING PUNONG BARANGAY NG MAMBOG LUNGSOD NG MALOLOS.

AKDA NG: BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS
ITINAGUYOD NI: KGG. FRANCISCO J. CASTRO

**SAPAGKAT,** si G. Norberto Aguilar Roque, ng Barangay Mambog, Lungsod ng Malolos, ay ipinanganak noong Marso 29, 1937 at sumakabilang buhay noong ika-02 ng Setyembre taong kasalukuyan, sa edad na walumpu't tatlong taong gulang;

**SAPAGKAT,** lubos na nagdadalamhati ang kanyang mahal sa buhay na si Gng. Redilla S. Lava at anim (6) na naulilang anak, iba pang mga kaanak at mga mamamayan ng Barangay Mambog;

**SAPAGKAT,** si G. Roque ay nanungkulan bilang isang Punong Barangay ng Mambog noong taong 1982 hanggang 1988, at nanungkulan din bilang Kagawad ng Barangay ng Mambog ng tatlong (3) termino sa mga taong 1992-1994, 1994-1997, 1997-2000;

**SAPAGKAT,** siya rin ay nagsilbi bilang kasapi ng Lupong Tagapamayapa simula taong 2014 hanggang sa kasalukuyan;

**SAPAGKAT,** siya ay isang huwarang lingkod-bayan at naging saksi ang bawat isa sa atin sa kanyang katapatan, kasipagan at kagandahang-loob, mga katangiang hindi niya ipinagkait hanggang sa huling yugto ng kanyang buhay;

**SAPAGKAT,** ang pagyao ni G. Norberto Aguilar Roque, ay nag-iwan sa atin ng matinding kapanglawan at ang mga katangi-tangi, masikhay at mapagkalingang pamanang gampaning iniwan niya sa atin ay lubos nating ipagpapasalamat at patuloy naisusulong at itataguyod bilang bantayog ng isang mabait at mapagmahal na lingkod bayan;

**Dahil dito,** sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Francisco J. Castro, na sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na ipinahahayag ang marubdob na pakikidalamhati at pakikiramay ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod at ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod - Kgg. Noel G. Pineda at ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian at pakikiramay sa naulilang pamilya at kaanak ng yumaong si G. Norberto Aguilar Roque, Dating Punong Barangay ng Mambog Lungsod ng Malolos.

PINAGTIBAY.

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

-----------------------------------x

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*09092020